# Ang Tinapay Ng Buhay



**Lingguhang Pagkain**

Issue 12



"Magpakatapang ka, humayo ka at sabihin mo sa kanila ang lahat ng iuutos ko. Huwag kang matatakot sa kanila ngayon. Pag hindi ka sumunod sa Akin, lalo kang matatakot kung naroon ka na sa kalagitnaan nila. Hindi ka nila matatalo sapagkat ako ang mag-iingat sa iyo. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito." Jeremiah 1:17, 19

## PUSO NI JESUS;
## KAMAY NI DAVID

**"Malapit na ang Paskuwa ng mga Judio, kaya't pumunta si Jesus sa Jerusalem. Nakita Nya sa temple ang mga nagbibili ng mga baka, mga tupa, at mga kalapati, at ang mga namamalit ng salapi. Gumawa Siya ng isang panghagupit na lubig at ipinagtabuyang palabas ang mga mangangalakal, pati mga baka at tupa. Isinabog Niya ang salapin ng mga namamalit at pinagtataob ang kanilang mga hapag. Sinabi Niya sa mga nabibili ng kalapati, "Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama!" Naalaala ng Kanyang mga alagad na sinasabi sa kasulatan, :Ang aking malasakit sa iyong bahay ay parang apoy na nag-aalab sa puso ko." –Juan 2:13-17**

Ang pastol ay may malasakit at magiting na espiritu. Ang kawan ay palagi niyang pinangangalagaan. Siya ay puno ng katapangan upang ipagtanggol ito sa mga kaaway, magnanakaw, mga oso, at iba pang mababangis na hayop. Si haring David ay isang mabuting pastol sa kawan ng kanyang ama bago naging hari. "**Ngunit mapilit si David. Sinabi nya, "Ako po ang nag-aalaga sa kawan ng aking ama. Kapag ang isa sa mga tupang inaalagaan ko ay tinatangay ng leon o oso, tinutugis ko ito at inaagaw ang tupa. Kapag hinarap ako, hinahawakan ko sya sa panga at pinapatay: (1 Samuel 17:34-35)**

Sino ang ganitong pastol? Ang ama, asawa, pinuno, o punong bayan, pastor, taga-pangasiwa, at sino mang may paninindigan, isa man siyang amo o alipin, mayaman o mahirap, ang lahat ay inaanyayahang maging isang mabuti at matapang na pastol.

Sa Ebangheliyo ni Juan, ang ministeryo ni Jesus ay unang nahayag sa himalang kanyang isinagawa sa kasalan sa Kana. Ginawa Niyang alak ang tubig. ***(Basahin ang Juan 2:1-11)*** Dahil sa ginawa ni Jesus ang kasayahan ay nagpatuloy. Dito unang nakilala at nalaman ng mga tao na si Jesus ay isang mabuti, mapagbigay, matulungin, mapagpatawad, mapagmahal, mapang-unawa, mapakumbaba, tahimik, at praktikal. Sa sinabi ring aklat, ang unang himala ng kabutihan ay nasundan naman ng paglilinis sa temple. Ang templo ng Diyos ay itinatag upang itago ang Kaban ng Tipan. Ito ay bahay sambahan kung saan dito dinadala ng mga tao ang kanilang handog sa Diyos.

Batay sa kautusan kay Moises, ang saserdote o pari at mga levita ang may katungkulan na mamuno sa mga tao sa harapan ng Diyos. Sila ang nag-aalay sa mga handog ng tao. Lahat ay kailangang maghandog ng baka, tupa, o kalapati. Ang mga taong nanggagaling sa malayon lugar ay nahihirapan na magdala ng mga handog dahil sa mahabang paglalakbay kaya't nagkaroon ng mga nagtitinda sa bakuran ng temple para sa kanilang kaginhawaan; at doon na lamang sila bumibili ng kailangang handog.

Ang salitang korapsiyon at pagmamalabis ay bantog na noon pa man. Ano ang korapsiyon? Ito ay katiwalian. Ito ay maihahalintulad sa lalagyang puno ng basura na pinatungan ng pulot sa ibabaw. Tulad ng isang magarang kasuutan na isinuot sa isang maruming katawan. Maganda itong pagmasdan sa malayo ngunit malalanghap ang masangsang na amoy sa malapitan.

1. Ang temple ay itinayo upang maging karapat-dapat ang pagsamba ng mga tao sa Diyos, subalit ginawa itong pamilihan. Wika ni Jesus: "**Sinabi Niya sa mga nagbibili ng kalapati, 'Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag niyong gawing palenke ang bahay ng aking Ama!'" (Juan 2:16)** (Tayo ay nasa mapanlinlang pa rin na tambak ng basura, kaya't kailangan pa nating maghukay ng malalim.)
2. Ang saserdote ang may responsibilidad at karapatan na sumuri sa bawat handog ng Diyos. Ang dalang hayop ng mga tao na hindi kaaya-aya sa kanyang paningin ay ipag-utos niyang ito ay palitan. Saan sila maaring bumili ng pamalit? Ang kasagutan ay madali – sa bakuran ng templo! Malapit at madali ngunit mas mataas ang halaga. Ang mga nagtitinda pati ang saserdot ay parehong makikinabang sa tubo at porsiyentong matatanggap. Maari din na ang saserdote ay may sariling tauhan na nagtitinda at doon ituturo ang taong bibili ng handog. Huwag mong isipin na hindi ito nangyayari. Ang mga saserdote ay may karapatang panatilihing malinis ang bakuran ng templo, ngunit kanilang pinahihintulutan ang ganitong kalakal upang sila ay mayroon dagdag na kita. Mas marami ang tinatanggihang handog, ay mas malaki ang kanilang porsiyento. Sa ganitong pamamaraan, ang mga saserdote at mga levita na hindi pinagkalooban ng mana ay nagkaroon ng ari-arian at karangyaan dahil sa kanilang katiwaliang gawain sa bakuran ng templo.
3. Ang mga tinder at tagapalit ng salapi ay nag-aambag sa katiwalian na nabanggit sa itaas. Habang ang pangangailangan sa kalakal ay lumalaki, lumalaganap din ang sinasakupan ng korapsiyon.

Nang pasukin ni Jesus ang templo nakita Niya ang nagaganap, at ang pandaraya ng mga mangangalakal na hindi mga simpleng tao kundi sila ay pinamumunuan ng mga malalaki at kilalang mga tao. Mga taong sa halip na pangalagaan ang mga lumalapit sa kanila ay sila pa ang nagsasamantala at nagnanakaw. Hindi nila makutya si Jesus! Siya ay Diyos na sumasaliksik sa puso ng bawat isa at nakakaalam ng lahat ng bagay. Isipin mo ang pait at lungkot na Kanyang nadama ng Makita ang nagaganap sa tahanan ng Diyos. **"Bakit? Ang akin bang templo'y taguan ng mga magnanakaw? Nakikita ko ang ginagawa ninyo. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito." (Jeremias 7:11)**

Nakita ni Jesus na nilalapastangan ang tahanan ng Diyos, kaya't siya ay gumawa ng suplina (whip) at itinaboy ang lahat palabas ng temple. Siya ba ay galit? Hindi. Mahal pa rin Niya ang mga ito subalit kailangan Niyang gamitin ang Kanyang kapangyarihan upang sila ay itama sa kanilang baluktot na gawain. At ang temple ay dapat ibalik sa dati nitong kalinisan at tamang kaayusan. **"Ang malasakit ko sa iyong bahay ay parang apoy na nag-aalab sa puso ko."**

Ang Diyos ay nangungusap sa atin ngayon:

- Kung tayo ay isang mangangalakal at kasabwat ng mga mandaraya, alalahanin natin ang araw na ang latigo ay maaaring gamitin sa atin. Magbago na tayo bago pa ito maganap. Gawin itong isang babala para sa ating lahat.
- Kung may nakikita tayong katiwalian at pagmamalabis sa ating trabaho, pamilya, o lipunan at ibig ng Diyos na baguhin ito sa pamamagitan natin, pagkakalooban Niya tayo ng tapang at tatag ng loob sa pagbibigay Niya ng suplina sa ating kamay.

***Mga minamahal,*** tayo ay pinaaalalahanang kumilo s na ngayon. Maging matatag at matapang sa pagharap sa balakid ng buhay. Manalangin sa Diyos upang bigyan tayo ng lakas at kapangyarihan na magampanan ang Kanyang itinakdang Gawain para sa atin. Pagpalain ka ng Diyos!